


# Ikaw at ang Endometriosis

## Ano ang Endometriosis?

Ang endometriosis ay isang kalagayan kung saan ang endometrium (ang loob na lining ng matris) ay nagsimulang tumubo sa **labas** ng bahay-bata at sa mga kalapit na bahagi gaya ng mga obaryo, fallopian tubes, pantog, o mga bituka. Karaniwan, ang endometrium ay kumakapal upang maihanda ang bahay-bata para sa pagbubuntis; at kung hindi magbubuntis, ang endometrium ay humihiwalay sa matris at lumalabas bilang regla patungong ari. Sa endometriosis, ganito din ang nangyayari sa endometrial tissue sa labas ng bahay-bata: kumakapal at lumalabas pero dahil sa walang malabasan, ito ay kinukuha ng katawan. Ang ganitong kalagayan ay napaka-karaniwan, at nakaka-apekto sa 10 hanggang 20 porsyento ng mga babaeng nasa edad na may kakayahan nang manganak. Ito ay karaniwang nangyayari lamang sa edad na maaari nang magbuntis, maaaring magsimula kapag teen-ager na. Kung minsan, ito ang nagiging dahilan ng impertilidad (kahirapang magbuntis).



## Ano ang mga sintomas ng endometriosis?

Ang pinakakaraniwang sintomas ng endometriosis ay **pananakit**. Ang pananakit ay nararanasan bago ang at/o habang nagre-regla. Maaari din itong nangyayari habang nagtatalik. Ang pananakit ng endometriosis ay malala sa ilang babae, samantalang sa iba naman ay maaaring walang nararamdamang sakit. Bagama't mas hindi karaniwan, maaari kang makaramdam ng pananakit kapag umihi o dumudumi, pananakit sa bandang ibaba ng likod, masyadong malakas na regla, o pagkapagod. Ang mga sintomas ay karaniwang bumubuti matapos ang pagbubuntis, at karaniwang nawawala kapag nagmenopos na.

## Paano natutuklasan ang endometriosis?

Kung ikaw ay may mga sintomas na nagbababala ng endometriosis, tatanungin ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o healthcare provider nang tungkol sa mga sintomas at ikaw ay sasailalim sa isang pisikal (na eksaminasyon) at susuriin ang iyong balakang (pelvic exam). Madedetekta ng doktor (karaniwan ay gynecologist) ang endometriosis sa pamamagitan ng isang operasyon na tinatawag na Laparoscopy. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng isang maliit na butas na malapit sa pusod (belly button), at ginagamitan ito ng doktor ng isang maliit na kamera upang makita kung mayroon at kung nasaan ang endometriosis.


## Paano ginagamot ang endometriosis?

Ang endometriosis ay mabibigyan ng lunas, pero hindi magagamot. Ang mga paggagamot ay nakakatulong para maibsan ang pananakit at para mapabuti ang pertilidad (kakayahang magbuntis). Kabilang sa panggamot ang medikasyon, operasyon, o kumbinasyon nito. Ang pagpili ng panggamot ay batay sa iyong mga sintomas, sa iyong edad, at sa kagustuhan mong magbuntis. Ang mga babaeng may mild o bahagya lamang na mga sintomas, o walang nararanasang anumang sintomas, ay maaaring hindi na mangailangan ng anupamang panggamot. Para makontrol ang pananakit, ang mga gamot na hindi na nangangailangan ng reseta tulad ng ibuprofen (Advil® at iba pa) o acetaminophen (Tylenol® at iba pa) ang kakailanganin lamang na panggamot. Ang mga gamot na hormone ay ginagamit para mabawasan ang pananakit at pagdurugo sa mga babaeng ayaw nang magbuntis. Kabilang sa mga gamot na ito ang mga pildurang panghadalang sa pagbubuntis, patch, vaginal ring, at isang intrauterine device na may progesterone gaya ng Mirena® o progestins (gaya ng Provera®, Depo-Provera®). Ang mga gamot na mas matitindi ang talab (gaya ng Danazol®, Lupron®, Synarel® at Zoladex®) ay kinakailangan kung minsan. Umaabot sa 60-90 porsiyento ang galing ng naging pagtalab sa pagpapagaling o success rate ng mga gamot na ito. Kung ang gamot ay hindi nakatulong o kung gusto mong magbuntis, ang operasyon ay maaaring irekomenda sa iyo. Kung minsan, ang laparoscopic surgery ay kinakailangan upang makita at magamot ang endometriosis. Sa panahon ng ganitong uri ng operasyon, ang endometriosis ay maaaring makita at puksain. Ang pinakahuling isinasaalang-alang na pamamaraan, at sa mga malubhang kaso lamang ginagawa, ay ang hysterectomy (pag-aalis ng bahay-bata sa pamamagitan ng operasyon), para makatulong sa sakit. Umaabot sa 45-90 porsiyento ang galing ng naging epekto sa pagpapagaling o success rate ng iba't-ibang uri ng operasyon.

## Pangwakas na Salita

Ang endometriosis ay karaniwan lamang. Walang panggamot sa ganitong kalagayan nguni't maraming mabibisang paraan ng pagbibigay ng lunas. Kausapin mo ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan nang tungkol sa kung ano ang pinakamagandang opsyon para sa iyo.

[www.benignuterineconditions.ca](http://www.benignuterineconditions.ca)



©2005 Reserbado ang lahat ng karapatan.

Ang impormasyong ito ay para lamang sa layunin ng pagbibigay ng impormasyon, at walang intensyon na maging kapalit ito ng propesyunal na payong medikal, dayagnosis, o panggamot. Magpatingin sa iyong health care provider at humingi ng payo tungkol sa isang partikular na medikal na kalagayan.

Ang pagpapaganda ng dokumentong ito ay pinondohan ng Ontario Women's Health Council. Ang Ontario Women's Health Council ay ganap na pinopondohan nang Ministri ng Kalusugan at Pangmatagalang-Panahong Pangangalaga (Ministry of Health and Long-Term Care). Hindi nangangahulugan sa dokumentong ito na may pag-eendorso mula sa Ministry of Health and Long-Term Care.